# Opisyal na Paunawa

## Antas ng Minimum na Sahod sa Lungsod ng Alameda

# $17.00*

## Bawat Oras Epektibo sa Hulyo 1, 2024

Simula sa Hulyo 1, 2024, ang empleyadong nagtatrabaho nang **hindi bababa sa dalawang (2) oras** sa isang partikular na linggo **sa loob ng heyograpikong mga hangganan ng Lungsod ng Alameda** ay dapat bayaran nang hindi mas mababa sa **$17.00 bawat oras**. Ang minimum na antas ng sahod na ito ay naaangkop nang pantay-pantay sa lahat ng empleyado, anuman ang laki ng employer.

Ang minimum na kinakailangan sa sahod ay itinakda sa Ordinansa sa Minimum na Sahod sa Lungsod ng Alameda, Kodigong Munisipal ng Alameda Kabanata 4-60. Maaaring hindi kabilang ang mga tip sa pagbabayad ng minimum na sahod. Ang mga sumusunod ay ang iskedyul ng pagpapatupad ng Ordinansa sa Minimum na Sahod:

| **Minimum na Sahod** | **Epektibong Petsa** |
|---|---|
| $17.00/oras | Hulyo 1, 2024 |
| Iniaakma Taun-taon ng Consumer Price Index (CPI-W) | Hulyo 1, 2025 |

Sa ilalim ng Ordinansa, protektado sa paghihiganti ang mga empleyadong iginigiit ang kanilang mga karapatang tumanggap ng minimum na sahod sa Lungsod. Ang mga empleyado ay maaaring magsampa ng kasong sibil laban sa kanilang mga employer para sa anumang paglabag sa Ordinansa at/o maaaring magsampa ng reklamo sa Kagawaran ng Muling Paggamit ng Pundasyon at Pag-unlad ng Ekonomiya ng Lungsod. Sisiyasatin ng Lungsod ang mga posibleng paglabag, magkakaroon ng akses sa mga rekord ng payroll, at maaaring magpatupad ng mga paglabag sa mga kinakailangan sa minimum na sahod sa pamamagitan ng pag-uutos ng pagbabayad ng mga huling pasahod na labag sa batas na ipinagkait at mga parusa.

Dapat kang makipag-ugnayan sa Lungsod kung naniniwala kang hindi ka binabayaran ng minimum na sahod. **Kung mayroon kang mga katanungan o kailangan ng karagdagang impormasyon, mangyaring bisitahin/makipag-ugnayan sa:**

Lungsod ng Alameda, Kagawaran ng Muling Paggamit ng Pundasyon at Pag-unlad ng Ekonomiya
950 West Mall Square, Room 205, Alameda CA, 94501
Telepono: 510-747-6890
Email: minimumwage@alamedaca.gov
Website: alamedaca.gov/minimumwage

*Ang pinakamababang sahod na kinakailangan ng Estado ay maaaring mas mataas sa ilang pagkakataon.

**Magpaskil kung saan madaling mababasa ng mga empleyado. Dapat magbigay ng paunawa sa Ingles at sa gustong wika ng empleyado kung hiniling. Ang mga lumalabag ay napapailalim sa mga parusa.**

هذا الإشعار متوفر باللغة العربية. 2024يتعلق هذا الإشعار بزيادة الحد الأدنى لمعدل الأجور إلى 17.00 دولارًا للساعة، وذلك اعتبارًا من 1 يوليو

本通知是关于从 2024 年 7 月 1 日起将最低工资提高到每小时 17.00 美元。本通知有中文版本。

본 공고는 2024 년 7 월 1 일부로 시간당 최저 임금이 $17.00 로 인상된다는 내용에 관한 것입니다. 본 공고는 한국어로도 제공됩니다.

Esta notificación se refiere a un aumento del salario mínimo a $17.00 por hora, el cual entrará en vigencia el 1. ° de julio de 2024. Este aviso está disponible en español.

Thông báo về việc tăng mức lương tối thiểu lên $17,00/giờ, có hiệu lực từ ngày 1/7/2024. Thông báo sẽ có bản dịch tiếng Việt.

Ang paunawang ito ay tungkol sa isang pagtaas ng pinakamababang sahod sa $17.00 kada oras na epektibo sa Hulyo 1, 2024. Ang paunawang ito ay mayroong pagsasalin sa Tagalog.

This notice is regarding a minimum wage increase to $17.00 per hour effective July 1, 2024. This notice is available in English.